



NEW MUSLIM
ACADEMY



Mga Sagradong Lungsod

Tulad ng mga tao na may iba't-ibang mga bagay na sinasamba at pinaniniwalaan na ginagawa nila, ang mga tao ay may iba't-ibang mga sagradong lungsod na iginagalang at binibisita para sa pagsamba sa buong mundo. Ang Islam ay iba. Ang Allah ay ang Nag-iisang Tunay na Diyos at Siya lamang ang Nag-iisa na may karapatan na magtalaga ng pagiging sagrado ng anumang lugar at magbigay ng pahintulot sa anumang gawaing pagsamba. Itinalaga ng Allah ang ilan sa mga lugar at pinili ang mga ito na maging espesyal. Binigyan tayo ng Allah ng tatlong sagradong mga lugar sa Islam. Ang mga ito ay ang Makkah, Madina at ang Jerusalem. Ang estado ng tatlong mga lungsod na ito ay binaggit ng ilang beses sa mga kabanata ng Qur'an at ang mga tradisyon ni Propeta Muhammad (SAWS). Sa isang katuruan ni Propeta Muhammad (SAWS), ay kanyang sinabi na ang paglalakbay para sa panrelihiyong kadahilanan, peregrinasyon (pagbisita sa banal na lugar) ay limitado sa tatlong mga lungsod na ito.

Sa isa pang pagtuturo, ay sinabi ni Propeta Muhammad (SAWS) na ang mga ritwal na debosyon na inalay sa Sagradong Masjid ng Makkah ay pinarami ng isang daang libo, at ang mga ritwal na debosyon na inalay sa Masjid ng Sugo sa Madina ay pinarami ng isang libo, at ang mga ritwal na debosyon ay inalay sa Karagdagang Masjid sa Jerusalem ay pinarami ng limang daan. Tingnan natin ang bawat isa sa mga lokasyong ito nang mas malapit.

Makkah



Ang Makkah ay ang lungsod kung saan pinatira ni Propeta Abraham (AS) ang kanyang anak na si Ismael kasama ang kanyang ina, na si Hagar. Ito ang lokasyon ng Sagradong Masjid, kung saan matatagpuan ang Ka'ba, na siyang unang bahay ng pagsamba na inialay sa Isang Tunay na Diyos na itinayo sa Lupa. Ito rin ang lugar ng kapanganakan ni Propeta Muhammad (SAWS). Ito ang lugar kung saan milyon-milyon ang bumibisita taun-taon upang isagawa ang parehong maliit at mas malaking peregrinasyon. Sa panahon ni Propeta Muhammad (SAWS) ito ay isang maliit na lungsod, ngunit ngayon ay isang malaki at modernong lungsod na tumatanggap at nagpapadali sa pagsamba ng milyon-milyon.

Malapit ang mga banal na lugar ng paglalakbay sa Mina, Muzdalifah at Arafat. Ang tatlong lugar na ito ay sagrado rin ngunit ang kanilang kabanalan ay makikita lamang sa taunang peregrinasyon ng Hajj dahil ang mga ito ay mga lugar kung saan binibisita at ginagawa ng mga peregrino ang ilang mga seremonya..

Ang Sugo na si Muhammad (SAWS) ay nagsabi hinggil sa Makkah nang siya ay itaboy dito ng mga hindi naniniwala, “Sa pamamagitan ng Allah, ikaw ang pinakamagandang lupain at pinakamamahal sa lahat ng lupain ng Allah sa Kanya. Kung hindi ako pinalayas sa iyo, hinding-hindi kita iiwan.”

Ang Makkah ay isang sagradong lugar dahil mayroon itong hangganan na itinakda ng Allah. Ang mga mabubuting gawa at ang kanilang gantimpala ay dumarami sa Makkah, gayundin ang mga kasalanan at krimen na ginawa sa Makkah ay mas matindi at nakakasakit. Ang Makkah ay isang banal na lugar - walang pagpatay na maaaring mangyari dito, walang mga puno na dapat putulin, at walang mga hayop na dapat gulatin, habulin o manghuli. Ang mga nawawalang kagamitan o bagay ay dapat na patuloy na ipahayag upang ang mga karapat-dapat na may-ari ay maaaring makuha ang mga ito. Ang Sugo na si Muhammad (SAWS) ay nagsabi, “Ang Allah, hindi ang mga tao, ang gumawa sa Makkah na isang santuwaryo; kaya, sinumang tao na naniniwala sa Allah at sa Huling Araw ay hindi dapat magbuhos ng dugo dito o putulin ang mga puno nito.”

Ito ang dahilan kung bakit dinarayo ng mga tao ang lungsod na ito sa buong taon - upang makuha ang mga kamangha-manghang gantimpala na inaalok ng isang daang libong multiplikasyon para sa bawat ginawang ritwal na debosyon. Ang Makkah din ang tanging lugar kung saan maaari kang magsagawa ng peregrinasyon, at boluntaryong pag-ikot sa paligid ng Ka'ba.

Madina



Ang lungsod ng Madina ay ang pangalawang pinakabanal na lugar sa Islam. Ito ang lugar ng paglipat ng mga unang Muslim mula sa Makkah at kung saan si Propeta Muhammad (SAWS) ay lumipat, nanirahan at kalaunan ay pumanaw. Dito niya itinayo ang kanyang masjid, ang gantimpala ng pag-aalay ng mga ritwal na pagsamba dito ay pinarami ng isang libo. Ang masjid ay naglalaman din ng isang espesyal na makalangit na lugar na kilala bilang Hardin, na nasa pagitan ng bahay ni Propeta Muhammad (SAWS) at ng kanyang pulpito. Inirerekomenda na mag-alay ng mga panalangin sa Hardin kung magagawa ito ng isang tao.

Ang Madina ay kung saan matatagpuan ang libingan ni Propeta Muhammad (SAWS). Narito rin ang mga libingan ng marami sa kanyang mga miyembro ng pamilya at mga alagad. Karamihan sa mga pangunahing pangyayari na naganap sa panahon ng buhay ng Sugo, ay naganap sa loob at paligid ng Madina, tulad ng mga kaganapan ng Uhud at ang Kanal (Trench). Ang Madina ay kinapapalooban ng iba pang mahahalagang lugar tulad ng Masjid Quba, ang unang masjid na itinatag sa Madina ng Sugo (SAWS) sa kanyang pagdating. Inirerekomenda na mag-alay ng dalawang yunit o raka'ah ng boluntaryong mga panalangin sa masjid na ito para sa mga natatanging gantimpala.

Ang lungsod ng Madina ay mayroon ding sagradong hangganan na ginagawa itong isang sagradong lugar. Sa loob ng sagradong lugar na ito, ay bawal pumatay, habulin ang mga hayop para hulihin, o magbunot at magputol ng mga puno. Si Propeta Muhammad (SAWS) ay nanalangin sa Allah at hiniling sa Kanya na alisin ang isang karamdaman at sakit na makakaapekto sa mga dumalaw dito at magdudulot sa kanila ng lagnat. Hiniling din niya sa Allah na pagpalain ang mga naninirahan dito sa kanilang mga bunga, ani at mga probisyon. Hanggang ngayon, ang Madina ay madalas na ipinapahayag bilang isang mapayapa at tahimik na lungsod.


Jerusalem



Ang Bayt al-Maqdis, o ang Dalisay at ang Banal na Masjid ng Jerusalem, ay ang ikatlong pinakabanal na lugar sa Islam. Naglalaman ito ng Masjid al-Aqsa, ang Karagdagang Masjid, isang distrito kung saan itinayo ang dalawang masjid; ang Masjid Qibli at ang Simboryo ng Bato (Dome of the Rock). Ito ay isang karaniwang maling kuru-kuro na ang Masjid al-Aqsa ay tumutukoy sa isa sa dalawang masjid na ito, samantalang sa katunayan, ito ay tumutukoy sa buong distrito ng lugar.

Ang pag-aalay dito ng mga panalangin ay nagbibigay ng limang daang gantimpala. Sinabi ng Allah, "Luwalhati Siya na nagdala sa Kanyang alipin sa isang paglalakbay sa gabi mula sa Banal na Masjid sa Makkah patungo sa Malayong Masjid sa Jerusalem, na ang nakapalibot na lugar ay Aming pinagpala, upang Aming maipakita sa kanya ang Aming mga palatandaan." [17:1] Ang Masjid al-Aqsa ay mahalaga rin dahil ito ang direksyon ng pagdarasal noong nakaraan kung saan dating humaharap ang mga naunang Sugo bago dumating si Propeta Muhammad (SAWS). Sa unang bahagi ng ministeryo ni Propeta Muhammad (SAWS) at bago ang paglalakbay, ang mga sinaunang Muslim ay unang humaharap sa Jerusalem para sa kanilang pang-araw-araw na mga panalangin bago sila inutusan ng Allah na humarap sa Makkah. Ito ang lugar kung saan dinala si Propeta Muhammad (SAWS) para sa natatanging Gabi ng Paglalakbay mula sa Makkah at pagkatapos ay umakyat siya sa langit at nakipagkita sa Allah at tumanggap ng ilang mga katuruan.

Pagtatapos



Tulad ng iyong nakikita, ang mga ito ay pinaka namumukod-tanging mga lungsod. Dapat nating subukang bisitahin ang mga sagradong lugar na ito kahit isang beses sa ating buhay. Kung ang isa ay gugugol ng oras at salapi sa paglalakbay, ang mga matalino ay kukunin ang malaking pagkakataon na makamit ang gantimpala na dulot ng pagbisita sa mga lugar na ito. Nawa'y pagkalooban tayo ng Allah ng pagkakataong maisagawa ang pagbisita sa banal na lugar at mismong maranasan ang mga sagrado at pinagpalang mga lugar na ito.

